# MARIA MAPAG-AMPON SA MGA KRISTIYANO

AKLAT DASALAN / GABAY SA PAMIMINTUHO



UNANG KABANATA

# BATAYAN SA KASULATAN, SULYAP SA KASAYSAYAN

Maliwanag ang turo ng Bibliya hinggil sa papel na ginampanan ng Mahal na Birhen sa kasaysayan ng kaligtasan. Ang puno at dulo ng lahat ng ito ay may kinalaman sa salitang pagtulong, pakikipagtulungan, pagsunod sa kalooban ng Diyos, at sa pagbibigay suporta sa balakin ng Diyos. Tingnan natin isa-isa ang mga bahagi ng Bibliya na may kinalaman sa kanya.

***Paghahabilin, Pagpapaubaya***

Una sa lahat, ang salitang habilin ay mahalaga. Matay nating isipin, masasabi nating inihabilin ng Diyos Ama sa Mahal na Birhen ang kanyang bugtong na Anak, nang niloob Niyang Siya ay ipaglihi at isilang ng isang babae - si Maria. Tinanggap ni Maria ang pananagutang ito, iniluwal ang sanggol, inalagaan, inaruga, bilang isang tunay na Ina (Lucas 2:1-14).

Pangalawa, bagama't wala tayong tahasang patunay sa Bibliya, mahihinuha nating tila iniatang rin sa balikat ni Maria ang pagbisita kay Elizabet. Ayon kay Lucas, sinabi ni Arkanghel Gabriel na ang kanyang pinsang si Elizabet ay nagdadalang-tao rin at naging patunay sa katotohanan ng hula ng Anghel, na naging dahilan ng pananampalataya ni Maria sa mga pangako ng anghel. Subali't ayon sa ebanghelyo, nagmadali siyang lumisan sa kanyang bayan at nagpunta sa bulubundukin ng Judea, upang tumulong kay Elizabet na kagampan (Lucas 1:39-45).

Pangatlo, sa paanan ng krus, natunghayan natin kung paano ipinaubaya ni Jesus kay Juan ang kanyang Ina, at inihabilin rin naman ni Jesus si Juan sa kanyang Ina (Juan 19:26-27).

Pang-apat, malinaw na sinasaad sa Kasulatan na ang Ina ni Jesus ay kasa-kasama ng mga Apostol matapos na si Jesus ay mapako sa krus. Bagama't wala ring tahasang patunay mula sa Biblia, mahihinuha rin natin na nagkaroon ng isang malalim at matimyas na samahan ang mga apostol at ang Mahal na Birhen. Katunayan, nandoon si Maria, kasama ng mga Apostol, nang bumaba ang Espiritu Santo noong araw ng Pentekostes (Gawa 1:14).

Pang-lima, alam rin natin na ang Mahal na Birhen ay naging tunay na mapagpaanyo at mapagkalingang Ina, nang tinulungan niya ang bagong kasal sa Cana, nang kanyang ipinamagitan ang mag-asawa: "Gawin ninyo anuman ang sabihin Niya" (Juan 2:1-11).

Nguni't ito ang pinakamatindi. Sa paanan rin ng krus ay naganap ang pinaka makakabagbag-damdaming pangitain nang ibaba ang katawan ni Jesus upang kandungin ng tumatangis na Ina na siyang naging batayan upang ukitin ni Michelangelo ang tanyag na ***La Pieta***, ayon sa sinabi ni Juan, *"Stabat mater"* - naroroon ang Ina sa paanan ng krus (Jn 19:25).

Ang huli ay ito ... Ayon kay Mateo, ang Banal na Pamilya ay naging banyaga at nangibang-bayan sa Egipto nang sila ay tumakas sa poot ni Herodes (Mateo 2:13-15).

### *Inang Mapagkalinga*

Ang lahat ng ito ay patunay na ang Mahal na Birhen ay isang Inang tunay na ang naging dakilang papel ay ang tumulong, ang magkaloob ng saklolo, na galing sa salitang "socorro" *"auxilium,"* sa lahat ng may pangangailangan.

### *Kasaysayang Salesiano*

Madaling makita na maraming paralelismo o katumbas ang karanasan ni Maria sa karanasan rin ni San Juan Bosco mula sa pagkabata. Ang salitang umaalingawngaw sa tainga natin ay ang paghahabilin rin. Una sa lahat, maaalala natin na inihabilin rin ni Mama Margarita ang kanyang batang-batang anak sa pamilya Moglia para lamang makapag-aral. Wala pa siyang 9 na taong-gulang ay isa na siyang migrante at nakipanuluyan sa bahay ng hindi niya kaanu-ano. Alam rin natin na ayon sa unang panaginip ni Juanito Bosco noong siya ay 9 na taon pa lamang, ay parang inihabilin ni Maria sa kanya at sa kanyang mga tagasunod ang mga kabataang naliligaw ng landas. Noong siya ay naging pari, higit na malinaw na inihabilin ni Maria ang lahat ng batang higit na nangangailangan kay Don Bosco at sa mga Salesiano. Bilang sukli, ipinaubaya naman at itinagubilin ni Don Bosco kay Maria ang lahat ng kanyang balakin at adhikain para sa mga kabataan.

### *Kalakaran ng Lipunan sa Kasalukuyan*

Milyon-milyon ang Pilipinong nangibang-bansa at patuloy na lumalabas ng bansa. Daan-daan libong mga pamilya ang nagkahiwalay dahil sa migrasyon. Tulad ni Maria, Jose at Jesus, ang Banal na Pamilya, maraming kababayan natin ang nagtitiis ng sari-saring pagsubok, makatunghay lamang ng mas magandang kinabukasan at pamumuhay sa ibang bansa.

Ayon sa kasaysayang Salesyano, si Maria ay lumitaw na tagapangalaga, tagapag-ampon, saklolo, at tulong ng lahat ng nangulila, naiwanan, nagkahiwalay. Lumilitaw na siya rin, sa panahong kasalukuyan, ay isang Inang naghahabilin, nagpapaubaya, nangangalaga at nagkakalinga sa milyon-milyong Pilipino sa mahigit na 130 bansa sa daigdig. Sino sa atin ang walang kamag-anak na nasa ibang bansa? Ilan sa atin ang makapagsasabing hindi kailanman ako nakaramdam ng pangungulila dahil sa pagkakahiwalay na dulot ng migrasyon?

Kung si Maria ay nakaranas na maging banyaga o migrante sa Egipto, malinaw na damang-dama niya ang dinarama ng mga Pilipino sa kabilang dako ng mundo at sa malalayong lugar. Damang-dama niya ang sakit ng damdamin at pighati ng mga inang tumatangis sapagka't ang kanilang anak na panganay o bunso ay naglalayag sa dagat, naging marinero at nakikipagsapalaran sa karagatan ng mapait na paghahanap-buhay, bagama't napakaraming mga posibleng masamang mangyari dahil sa mga pirata at mapagsamantala sa maraming bahagi ng mundo.

Lumilitaw nang maliwanag na ang pagiging Ina ni Maria, at higit sa lahat ang kanyang pagiging saklolo sa lahat ng panganib ay humihimok sa ating lahat na kilalanin siya bilang tagapag-ampon ng lahat ng kabataan, ng lahat ng manggagawa, ng lahat ng pamilyang nagkakahiwa-hiwalay dahil sa paghahanap-buhay at pangingibang-bansa. Si Maria ay tunay na **Mapag-ampon**, mapag-kalinga sa lahat ng malayo sa magulang, malayo sa mga anak, malayo sa pamilya at sa mga mahal sa buhay, na parang mga basang sisiw na pasuling-suling at naghahanap ng gabay sa lipunan at kalinangang hindi kinagisnan.


Dahil sa kalakarang ito at mapait na katatayuan ng maraming pamilyang Pilipino, nagiging lalung makahulugan at puno ng damdamin ang panalanging ***PAGTATALAGA AT PAG-AALAY NG TAHANAN SA MAHAL NA BIRHENG MAPAG-AMPON***. Dahil rin dito, kinikilala nating lahat ang mapitagan at makabagbag-damdaming ***PAGHAHABILIN AT PAGPAPAUBAYA NG PAMILYANG NAGKAHIWALAY DAHIL SA PANGINGIBANG-BANSA.***

Aming hiling bilang tagasunod ni San Juan Bosco, na tayong lahat ay magising sa isang panibagong pag-ibig, isang panibagong pakikipagniig sa Kanyang itinanghal ng Banal na Kasulatan at mayamang tradisyon ng Santa Iglesya, bilang bukod na pinagpalang babae nang higit sa lahat.

## PAGTATALAGA AT PAG-AALAY NG TAHANAN KAY SANTA MARIA MAPAG-AMPON SA MGA KRISTIYANO

O Kalinis-linisang Birheng Maria, niloob ng Diyos na ikaw ay maging Tagapag-ampon ng mga Kristiyano. Ngayon ay itinatalaga at iniuukol namin ang aming tahanan at mag-anak sa iyong Kalinis-linisang Puso. Pangalagaan mo, Inang kaibig-ibig, ang aming abang pamamahay. Pabanalin mo ang aming pamilyang sa iyo'y nagmamahal. Ilayo mo kami sa anumang kapahamakan: ang bawa't nakapipinsalang sunog, baha, kidlat at lindol, sampu ng mga magnanakaw at masasamang-loob. Pagpalain at patnubayan mo kami sa lahat ng sandali. Pagindapatin mo na ang lahat ng miyembro ng aming mag-anak, narito man o wala, ay maligtas sa lahat ng kasamaang-palad. At higit sa lahat, ipag-adya mo kami sa lahat ng tukso at kasalanan. Ikaw sana ay maging Reyna ng aming pamamahay, na magmula ngayon ay iyong-iyo, magpasawalang-hanggan. Amen.

Nguni't ang puno at dulo at rurok ng pagpapalang ito ay wa-lang iba kundi ang Kanyang Anak na si Jesus. Siya ang ating takbuhan. Siya ang ating sandalan. Siya ang sukdulan at tampukan ng at-ing pag-asa, pag-asang nagtataglay ng isang maka-Inang katangian, dahil na rin sa Kan-yang Ina, si Maria, nagpakilala at nag-pamalas sa daigdig ng kanyang pagig-ing Ina ng laging saklolo, at Inang Mapag-ampon sa mga Kristiyano.




Santa Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano, ipanalangin mo kami!

## PAGHAHABILIN AT PAGPAPAUBAYA NG PAMILYANG NAGKAHIWALAY DAHIL SA PANGINGIBANG-BANSA

O Maria, Inang Mapag-ampon, naganap at natupad ang balak ng Diyos sa kaligtasan ng daigdig, nang tanggapin mo ang balitang hatid ng anghel na si Gabriel. Nilisan mo ang iyong bayan upang tulungan ang iyong kamag-anak na si Elizabet. Kasama ka at kaisa ng mga alagad nang bumaba ang Espiritu Santo. Hindi ka nag-atubiling tanggapin si Juan bilang iyong anak, at hinayaan mong isama ka niya sa kanyang tahanan, bilang kanyang ina. Higit sa lahat, niyakap mo ang duguan at walang buhay na katawan ng iyong Anak na si Jesus sa paanan ng krus. Sa kabila ng iyong pagluluksa, nakiisa ka sa mga alagad, maging sa kanilang mga pag-aalinlangan at pangamba.

Mariang Mapag-ampon, saklolo ng lahat ng pamilyang nagkahiwalay dahil sa pangingibang-bansa, inihahabilin namin sa iyo ang aming mahal na pamilya. Hinihiling naming samahan mo sila, tulad nang sinamahan mo si Jesus at si Jose sa Egipto. Inihahabilin at ipinauubaya namin sa iyo, O Mapagmahal na Ina, ang nawalay naming kamag-anak, na dahil sa paghahanap-buhay ay malayo sa amin ngayon. Alang-alang sa mapait mo ring karanasan nang samahan mo si Jesus at si Jose sa Egipto, panatiliin mong nagkakaisa ang aming pamilya, sa kabila ng pagkakalayo-layong bunsod ng matinding pangangailangan.

Basbasan mo kami, pangalagaan at ipagtanggol tuwina. Angkinin mo ang lahat naming kapamilya, narito man o wala, bilang tunay mong mga anak. Maligtas nawa kami sa lahat ng panganib, lalo na sa anumang makasasama sa kalusugan ng aming kaluluwa. Pagindapatin mong mamuhay kami sa biyaya ng Diyos at makiisa nang lubos sa pananampalatayang Katoliko. Maging matatag nawa kami sa harap ng mga pagsubok at matutong magtiis sa gitna ng mga kahirapan. Madama nawa namin ang iyong yakap, tulad nang pagyakap mo sa iyong Anak na si Jesus, nang Siya'y ibaba mula sa krus.

Maria, Kalinis-linisang Mapag-ampon sa mga Kristiyano, samahan nawa kami at sabayan habang naglalakbay patungo sa walang hanggang gantimpala sa langit, na tunay naming bayan. Amen.

# Maikling Kasaysayan ng Debosyon Kay Maria Mapag-ampon



Patuloy na nararanasan ng mga Kristiano ang bisa ng tulong ni Maria sa lahat ng panahon at pagkakataon. Dahil dito, patuloy rin ang kanilang pagdulog kay Maria, sa matibay na pananalig na kanilang matatanggap ang kaniyang pagkalinga at tulong sa lahat ng kanilang pangangailangan at paghihirap, pangkalahatan man o pansarili. Subalit ang makapangyarihang pamamagitang ito ay higit na naipamalas nang may ganap na kaluwalhatian noong taong 1572, nang makamit ng hukbo ng Krus, salamat sa tulong ni Maria, ang tahasan at ganap na tagumpay sa digmaang-pandagat ng Lepanto laban sa hukbong dagat ng mga Turko. Bilang paggunita sa natatanging tagumpay na ito, itinakda ni Papa San Pio V ang pagdiriwang ng Kapistahan ng Kabanal-banalang Rosaryo at ang pagdaragdag sa Litaniya ng Mahal na Birhen ng panalanging *AUXILIUM CHRISTIANORUM, ORA PRO NOBIS! MAPAG-AMPON SA MGA KRISTIYANO, IPANALANGIN MO KAMI!*

Di nagtagal, ang Mahal na Birhen ay muling sumaklolo sa hukbo ng mga Kristiyano laban sa mga Turko na malapit na sa muog ng Vienna noong 1682. Bilang pasasalamat, itinatag ni Papa Inocente XII ang kauna-unahang Kapatiran ni Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano. At noong Mayo 24, 1814, matagumpay na bumalik sa Roma si Pio VII

pagkatapos ng kanyang matagal na pagkabihag at pagkatapon sa ilalim ng kapangyarihan ni Napoleon. Bilang pasasalamat sa tulong na kanyang natanggap kay Maria na patuloy niyang tinatawagan sa taguring AUXILIADORA, itinalaga niyang panghabang panahon na ang araw na iyon ay ipatungkol sa Mahal na Birhen. Sa madaling salita ay natatag ang kapistahan ni Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano.

Gayunpaman, maaaring nabaon na lamang sa limot ang maluwalhati at kalugud-lugod na debosyong ito kung hindi dahil sa isang tapat na anak ni Maria na naghatid ng bagong paningin at pagpapalaganap nito. Siya si San Juan Bosco (1815-1888 na siyang nagtatag, sa pamamagitan ng inspirasyon, sa ilalim ng pamamatnubay, at kasama ang tahasang pakikipagtulungan ng Mahal na Birhen, ng isang gawaing laganap sa buong daigdig para sa kapakanan ng kabataan - ang apostolado ng Kongregasyon ng mga Salesyano. Itinayo ni San Juan Bosco noong 1868 sa Torino ang matayog na Basilica ni Maria Mapag-ampon, na naging bunga ng napakaraming himala. Marami pa siyang ginawang himala sa tulong ng panalangin kay Maria. At bilang pasasalamat sa kanyang tagapag-adya sa langit, itinatag din ni Don Bosco ang Kongregasyon ng mga Anak ni Maria Auxiliadora para sa kababaihang handang gawin para sa mga kabataang babae ang ginagawa ng mga Salesyano para sa mga kabataang lalaki.

Hanggang ngayon, ang ating Ina sa langit, si Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano ay patuloy na tinatawagan at minamahal sa lahat ng dako ng daigdig. Siya naman ay patuloy sa pagkalinga sa kanyang mga anak na sa kanya’y namimintuho sa pamamagitan ng pagsasagawa para sa kanila ng mga di mabilang at walang hanggang himala.

## PANALANGIN KAY SANTA MARIA MAPAG-AMPON PATUNGKOL SA ISANG MAY KARAMDAMAN

O Inang Kaibig-ibig, saklolo ng mananampalataya at Birheng Mapag-ampon sa mga Kristiyano / Ina ng mga nahahapis, at takbuhan ng mga tumatangis,/ kalusugan ng mga may sakit at taga-pagtaguyod ng mga nabibigatan sa suliraning pinapasan, /bunsod ng matinding pangangailan-gan ay buong-pitagan at pag-asa kaming dumudulog sa Iyong mapaghimalang larawan./

Batid naming hindi kami karapat-dapat sa anuman, dahil sa aming mga kasalanan./ Nguni't ba-tid rin namin, na bilang Ina ng Mananakop, Panginoon at Hari ng Sangtinakpan, /Ikaw ay isang makapangyarihang tagapamagitan at tagapaghatid ng aming mga kahilingan sa kanyang paanan./ Alang-alang sa pitong hapis na yumurak sa iyong puso; / at bilang pakikiisa sa banal na paghihirap at pagkamatay ng iyong Anak na si Jesus, / kami'y sumasamo para sa kapatid naming may sakit, na nawa'y mabiyayaan sila ng tatag ng pananampalataya at tibay ng kaloo-ban,/ upang mapaglabanan at matiis ang lahat ng pasakit at paghihirap na kaakibat ng kan-yang karamdaman./

Ipinahahayag namin sa iyong harapan ang aming matibay na pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo / na patuloy at walang patid na nagtataguyod ng buhay, at nagkakaloob ng tanang biyaya na kailangan namin tungo sa buhay na walang hanggan./ Batid naming si Jesus, bugtong na Anak ng Diyos, ay naging tao at nakipaglakbay kasama namin, / maging sa daan ng paghihirap at mapait na pagkapako at pagkamatay sa krus. / At higit sa lahat, alam naming Siya ay muling nabuhay / bilang tanda at patunay ng ga-nap na pagwawagi ng Diyos laban sa lahat ng kasamaan, maging ng kamatayang dulot ng ksalanan. /

Tumatangis kami ngayon, dahil sa aming kapatid na may karamdaman. / May mga sandaling sinasagian kami, di lamang ng pangamba, kundi ng matinding pagkabalisa at pag-aagam-agam. / Di miminsang ang aming pananampalataya ay natutulad sa isang bangkang hinahagupit ng hangin at malalakas na alon / sa gitna ng nagngangalit na dagat ng kawalang pag-asa./

O Ina! O saklolo ng mga naaapi at nangungulila! / O Reyna ng mga martir! / Mapagkalinga at mapag-ampong Ina naming mga sumasampalataya, / dinggin mo ang aming masidhing pagsusu-mamo. / Kung mamarapatin ng Diyos, sa tulong ng iyong mga panalangin, / maibsan nawa ang aming kapatid ng pangamba, pag-aagam-agam at pasakit sa kanyang kaluluwa at katawan. / Kung kalooban ng Poong Maykapal, sa tulong na rin ng iyong panalangin, / manumbalik nawa ang dati niyang kalakasan at kalusugan. /

Ngunit batid naming hindi dapat ipilit ang aming kagustuhan,/ at sa halip ay dapat kaming umasa at magtiwala, upang ang kalooban ng Diyos ang siyang maghari sa sanlibutan./ Pan-gako namin sa iyong harapan, na kung sakaling ang maysakit ay mabiyayaan ng panibago at ibayong kalusugan,/ ay gugugulin namin ang nalalabing panahon at kakayahan/ upang ipala-ganap at ipakilala ang kaluwalhatian ng Diyos / at ang kagandahan at katamisan ng Kanyang ngalan. O Maria, Inang Mapag-ampon,/ ipanalangin mo kami, ngayon at sa oras ng aming ka-matayan. Amen

## PANALANGIN SA ARAW-ARAW

O Mariang Mapag-ampon, aking Ina at Ina ng awa, masdan mo ang aking mga paghihirap at magdalang-habag ka sa akin. Tulungan mo ako alang-alang sa pag-ibig ni Jesus na iyong mahal na Anak.

Sa iyo ko inilalagak ang aking buong pag-asa; kupkupin mo ako at tulungan sa aking pagdadalamhati. Huwag mong tulutang magkasala ako kay Jesus dahil sa aking kakulangan sa pagpapaumanhin. Ikaw na siyang pag-asa ng lahat ay maging pag-asa ko nawa.

O lipos ng kabutihan! O puspos ng kaluwalhatian. O mahahabagin kong Ina at aking pag-asa, masdan mo ako na abang makasalanan. Kung hindi mo ako sasaklolohan ay mapapahamak ako. Sa iyo ako dumudulog. Huwag mo akong pabayaan kailanman. Ikaw ang nagligtas sa lahat ng nagmakaawa sa iyo: iligtas mo rin ako.

Sa ilalim ng iyong awa ako sumisilong, ikaw na takbuhan ng mga makasalanan.

O Mariang Mapag-ampon, ikaw ang aking Ina. Sino ang kailanma’y humingi ng iyong tulong na hindi mo dininig?

Ina ng Diyos at Ina ko rin, gaanong pag-asa ang tinatamo ko pagkatapos kong magparating ng hinaing sa iyo! Ikaw ang aking lakas! Ipagtanggol mo ako at kuk=pkupin; magdalang-habag ka sa akin at iligtas mo ako.

## PANALANGIN NG ISANG MAY MALUBHANG KARAMDAMAN

O Inang kaibig-ibig, saklolo ng mga mananampalataya at Birheng Mapag-ampon sa mga Kristiyano,/ Ina ng mga nahahapis, at takbuhan ng mga tumatangis, / kalusugan ng mga maysakit at tagapagtaguyod ng mga nabibigatan sa suliraning pinapasan,/ dala ng matinding pangangailangan ay buong-pitagan at pag-asang lumalapit ako sa iyong mapaghimalang larawan./

Batid kong ako ay di karapat-dapat sa anuman, dahil sa aking mga kasalanan./ Nguni't batid ko ring bilang Ina ng Mananakop, na Siyang Panginoon at Hari ng sangtinakpan, / ikaw ay isang makapangyarihang tagapamagitan at tagapaghatid ng aming mga kahilingan sa kanyang paanan. /Ako'y sumasamo, alang-alang sa pitong hapis na yumurak sa iyong puso,/ bilang pakikiisa sa banal na paghihirap at pagkamatay ng Iyong Anak na si Jesus,/ na ako nawa'y mabiyayaan ng tatag ng pananampalataya at tibay ng kalooban, /upang mapaglabanan at matiis ang lahat ng pasakit at paghihirap na kaakibat ng aking malubhang karamdaman./

Ipinahahayag ko ngayon sa iyong harapan, ang aking matibay na pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo,/ na patuloy at walang patid na nagtataguyod ng buhay, at nagkakaloob ng tanang biyayang kailangan namin tungo sa buhay na walang hanggan./ Batid kong si Jesus, bugtong na Anak ng Diyos, ay naging tao at nakipaglakbay kasama namin, /maging sa daan ng paghihirap at malupit na pagkapako at pagkamatay sa krus./ At higit sa lahat, alam kong Siya ay muling nabuhay /bilang tanda at patunay ng ganap na pagwawagi ng Diyos laban sa lahat ng kasamaan, sampu ng kamatayang dulot ng kasalanan./

Tumatangis ako ngayon, bunsod ng aking malubhang karamdaman./ Mayroong sandaling ako ay sinasagian, di lamang ng pangamba, kundi ng matinding pagkabalisa at pag-aagam-agam./ Di miminsang ang aking pananampalataya ay natutulad sa isang bangkang hinahagupit ng hangin at malalakas na alon/ sa gitna ng nagngangalit na dagat ng kawalang pag-asa./

O Ina! O saklolo ng mga naaapi at nangungulila! /O Reyna ng mga martir! /Mapagkalinga at mapag-ampong Ina naming mga sumasampalataya, /dinggin ang aking masidhing pagsusumamo. /Kung mamarapatin ng Diyos, sa tulong ng Iyong mga panalangin,/ maibsan nawa ako ng pangamba, pag-aagam-agam at pasakit sa aking katawan at kaluluwa. /Kung kalooban ng Poong Maykapal, sa tulong na rin ng iyong panalangin,/ manumbalik nawa ang dati kong kalakasan at kalusugan./

Nguni't batid kong hindi ko dapat ipilit ang aking kagustuhan,/ at sa halip ay dapat akong umasa at magtiwala, upang kalooban ng Diyos ang siyang maghari sa sanlibutan. / Pangako ko sa iyong paanan, na kung sakaling ako ay mabibiyayaan ng panibago at ibayong kalusugan,/ ay gugugulin ko ang nalalabi kong panahon at kakayahan / upang ipalaganap at ipakilala ang kaluwalhatian ng Diyos / at ang kagandahan at katamisan ng Kanyang Ngalan.

Maria, Mapag-ampon naming Ina,/ ipanalangin Mo ako ngayon , at sa oras ng aking kamatayan. Amen.

IKALAWANG KABANATA

# Pagsisiyam sa Mahal na Birhen



Ang mga sumusunod ay ilang mga pagsisiyam o pagnonobena sa Mahal na Birheng Mapag-ampon na pansarili, palagian o pang maramihan. Matutunghayan rin dito ang iba-ibang mga natatanging mga panalangin ng kahilingan sa tulong ng ating Mahal na Ina sa iba-ibang mga pangangailangan.

# Palagian at Maramihang Pagsisiyam

1. **PAMBUNGAD NA AWIT** *(maaring basahin o laktawan sa pansariling pagnono-bena. Maaari ring palitan ng ibang angkop na awitin)*

**O HELP OF CHRISTIANS**

O Help of Christians, Virgin the fairest,
Hope of our exile, Jesus thou bearest;
Clear star of evening, shine on our pathway.
Guide thou our footsteps, lest we go astray.

Sinful and erring, thy children on thee call,
Virgin most powerful, pray for us all,
Virgin most powerful, pray for us all. (2x)

2. **PAGBATI**

**P: Sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo.**
**B: Amen.**

*(Ang mga nasa pagitan ng dalawang panaklaw [ ..], ang pagbati o mga bahagi para sa pari ay maaaring laktawan sa pansariling pagnonobena).*

P: [Ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na Ama natin at sa Pangi noon Hesukristo nawa'y sumainyong lahat.
B: Kapuri-puri ang Diyos Ama ng ating Panginoong Hesukristo].

3. **PAGSISISI**

P: [Mga mamimintuho ni Maria, nagkakatipon tayo ngayon sa ngalan ng Panginoon at sa Harapan ng banal na larawan ng ating Kamahal-mahalang Ina at Tagapag-ampon ng mga Kristiyano. Naparito tayo upang kasama niya'y makinig tayo sa Salita ng Diyos at sa pamamagitan niya'y humingi ng ating kailangan. Upang maging karapat-dapat sa pag diriwang at parangal na ito, humingi muna tayo sa Diyos ng kapata waran]. (*maaaring laktawan sa pansariling pagnonobena)*

B: **O Diyos at Ama namin, kami ay nagtitipon ngayon sa mahal Mong harapan./ Ginugunita namin at tinatanggap ang aming mga pagkakasala / ang aming kapalaluan at kakulangan sa pag-ibig; / ang aming labis na pagpapahalaga sa sarili, / at pagkukulang sa ganap na pagtitiwala at pagpaparangal sa Iyo. / Masdan, kami'y lumalapit na taglay ang pagsisisi at kababaang-loob. / Patawarin mo kami, mapagmahal na Ama. / Loobin Mong kami'y makatupad sa lahat Mong ipinag-uutos / upang balang araw ay makamit namin ang Iyong walang katapusang kaluwalhatian.**

P: Mahabaging Ama, magdalang-awa Ka sa Iyong bayang nagsusumamo sa Iyong harapan. Patawarin Mo ang aming mga kasalanan at patnubayan kami sa buhay na walang hanggan.

B: Amen.

**4. PAMBUNGAD NA PANALANGIN**

P: [Manalangin tayo.]

**O Panginoon naming Diyos, hinirang Mo ang banal na Birheng Maria upang maging aming saklolo at Inang Mapag-ampon sa mga Kristiyano. Sa pamamagitan ng kanyang mga panalangin, patatagin Mo ang Iyong Iglesya upang kanyang mapaglabanan at mapagwagian ang lahat ng uri ng kasamaan. Nawa'y malaya niyang maipahayag ang misteryo ni Kristo sa sanlibutan. Hinihiling namin ito sa ngalan ni Hesukristong aming Panginoon, nabubuhay at naghaharing kasama Mo at ng Espiritu Santo, magpasawalang hanggan. Amen.**

**5. PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS**

Ang Tunay Na Mapalad (Lukas 11:27-28) *(maaaring pumili ng ibang pagbasa mula sa listahan sa hulihan ng dasalang ito)*

***Samatalang nagsasalita si Jesus, may isang babaeng sumigaw mula sa karamihan at nagsabi sa kanya, "Mapalad ang babaing nagdala sa inyo sa kanyang sinapupunan, at nagpasuso sa inyo." Ngunit sumagot siya, "Higit na mapalad ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito!"***

**6. SALMO REPONSORIO** *(maaring laktawan sa pansariling pagnonobena)*

*(Sa maramihang pagdarasal, pumili rin ng Salmo at angkop na kasagutan batay sa paksang napili.)*

**7. PAGNINILAY O MAIKLING SERMON** *(maaring laktawan sa pansariling pagnonobena)*

**8. AWIT KAY MARIA** *(maaring basahin lamang o laktawan sa pansariling pagnonobena)*

**IKAW, O MARIA**

Minamahal kita, O Maria
Ikaw ang s'yang ligaya ng buhay ko.
Ika'y aming ina, takbuhan ka ng bayan mo,
Kanlungan at pag-asa'y ikaw.

Sinisinta kita, aking Reyna,
Maghari kang lubusan sa buhay ko.
Nawa'y pangarap ko'y maging tapat sa puso mo,
Tanglaw ng buhay ko ay ikaw.

Pinupuri kita, pinagpala
Lipos ka ng pag-ibig ng Maykapal
Ngayon dalangin ko'y dalhin ako sa piling mo.
Kasama ni Hesus ay ikaw.

**9. MGA PANALANGIN KAY SANTA MARIA MAPAG-AMPON**
*(lumuhod)*

**A. Sa Tuwing Ika-24 ng Buwan**
*(Sa maramihang pagdiriwang, pumili lamang ng isa sa tatlong panalanging sumusunod. Sa pansariling pagnonobena, dasalin ang lahat ng panalangin sa ibaba.)*

Pari at Bayan:

O Mariang Mapag-ampon / anak na tunay ng Amang Kamahal-mahalan,/ Ikaw ang itinalaga ng Diyos upang maging saklolo, at tagapag-ampon sa mga Kristiyano / sa lahat ng kanilang pangangailangan. / Dahil dito'y sa iyo lumalapit nang walang humpay ang mga maysakit, / ang mga dukha sa kanilang kagipitan,/ ang mga nagdadalamhati sa kanilang kapighatian, /ang mga naglalayag sa karagatan, ang mga hukbo sa gitna ng digmaan, /ang mga naglalakbay sa kapanganiban,/ ang mga

naghihingalo sa kinatatakutang sandali ng kamatayan, / at silang lahat ay nagkakapalad magtamo sa iyo ng tulong, lakas at kaginhawahan. / Kung gayon ay tanggapin mo, kung magiging karapat-dapat ang aking mga pagmamakaawa, O Inang mahabagin / at sa aking pagsilong sa Iyong pagkukupkop / ay tulungan mo ako tuwina at alalayan sa lahat ng panganib. / Iligtas mo ako sa lahat ng masama, / at tuloy ipamagitan ako sa Panginoon / upang makamtan ko ang biyayang kailangan / lalo na sa aking pagpanaw dito sa lupa at sa kabilang buhay.

*(Sa pansariling pagnonobena, isunod ang Tatlong Aba Ginoong Maria)*
*Santa Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano, Ipanalangin mo kami.*

O Birheng Kalinis-linisan / mairuging Ina ng mahal na Mananakop, / at Tapag-ampon sa mga kristiyano, / dahil sa iyo ay sumuko ang mga mapang-usig / at sa lahat ng kakila-kilabot na pagsubok ay nagwagi kailanman ang Santa Iglesya. / Dahil sa iyo / ang mga tao, / ang mga angkan, / ay nangatubos at nangaligtas sa di mabilang na kapahamakan,/ pagkat ang mga kaaway ay nagkahati-hati,/ lumayo ang mga sakit / at sampu ng kamatayan / ay nagpapalugit kung tinatawagan ang iyong saklolo./ Buhayin mong lalo at papagningasin ang aking pag-asa sa iyo, O Maria, / upang sa lahat ng pangangailangan / ay mapagkilalang tunay ngang ikaw / ang tumutulong sa mga tumatawag sa iyo, / ang nagtatanggol sa lahat ng pinag-uusig, / ang nagbibigay ng lakas sa mga may sakit,/ aliw ng nalulumbay, / takbuhan ng mga makasalanan / at dahilan ng pananatili ng mga banal.

*(Sa pansariling pagnonobena, isunod ang Tatlong Aba Ginoong Maria)*
*Santa Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano, Ipanalangin mo kami.*

O Mariang Mapag-ampon,/ maibiging Esposa ng Espiritu Santo,/ Inang mahabagin at saklolo ng mga kristiyano, / naparito ako upang magmakaawa na ako'y tulungan mo./ Iligtas ako sa kasalanan, / at sa lahat ng pakana ng mga kaaway ng aking kaluluwa at katawan,/ ilayo mo sa akin ang mga parusang tatanggapin ko, / dahil sa mga sala kong nagawa / at marapatin mong tumimo sa puso / ang kabutihan ng iyong pagmamahal at ang iyong kapangyarihan. / O Makapangyarihan kong Ina, / gaano ang pagnanasa kong masdan ang iyong maningning na mukha / sa walang kahulilip na ligayang tinatamo mo doon sa Paraiso. / Subalit isang sukab na pag-iisip ang nagsasabi sa aking hindi ako nararapat, / dahil sa aking mga kasalanan,/ upang matamo ko ang iyong kaligayahan./ Huwag mong ipahintulot ang ganoong kalaking kasawian, / katamistamisan kong ina. / Ipanalangin mo ako,/ ihingi mo ako sa irog mong anak na si Hesus / ng ganap na pagsisisi sa aking mga sala,/ at ang biyaya na makagawa ng mabuting pangungumpisal / at nang mabuhay ako sa katahimikan sa tanang buhay ko, / at sa huli'y pumanaw sa isang banal na kamatayan, / tuloy makapisan mo at ng Diyos sa Langit / sa walang hanggang kaligayahan.

*(Sa pansariling pagnonobena, isunod ang Tatlong Aba Ginoong Maria)*
*Santa Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano, Ipanalangin mo kami.*

**B. Sa Isang Pangangailangan sa Buhay**

Pari at Bayan: *(lumuhod)*

Inang mapagmahal / nangangailangan ako ng isang tanging biyaya,/ at sa pag-asa ko sa iyong kabutihan, ay lumalapit ako sa iyo, / aming saklolo at dakilang Mapag-ampon sa mga Kristyano./ Buong kababaang-loob na ako'y nakaluhod sa iyong harapan / at isinasamo ko nang taos sa aking puso / na iyong luna-

san ang aking kailangan /(ipahayag nang tahimik ang biyayang ibig makamtan). Nababatid ko, mahal kong Ina / na ako'y hindi nararapat bigyan ng anuman, at ang ikinatatakot ko'y / baka ang mga sala ko'y siyang nakapipigil sa iyong kabutihan. / Subalit batid kong magagawa mo rin,/ katamis-tamisang ina, / na ako'y hanguin sa nakahahabag na kalagayang ito, / at gawing ako'y maglingkod sa iyo nang tapat, at sa iyong bugtong na Anak,/ upang makamtan ang kahanga-hangang biyaya ng iyong pag-aampon.

*(Sa pansariling pagnonobena, isunod ang Tatlong Aba Ginoong Maria)*
*Santa Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano, Ipanalangin mo kami.*

**C. Panalangin Para sa Santo Papa**

Panginoon naming Diyos, / niloob Mo na kami'y makapagbigay-luwalhati sa Iyo / sa pamamagitan ng mga panalangin ng mga Banal sa langit. / Inibig Mo ring ang aming mga karaingan dito sa lupa / ay makarating sa Iyong pandinig / hatid ng aming mga kapatid sa pananampalatayang ngayon ay nakikibahagi na sa Iyong walang-hanggang kaligayahan sa langit./ Dinggin Mo nawa ang aming pagsusumamo / para sa mga kapatid namin sa pananampalatayang umaasa sa Iyong banal na pag-aampon./ Ipagtaguyod Mo ang Santo Papa na mahal na kinatawan ng Anak mong si Jesus dito sa lupa. / Gabayan Mo ang Santa Iglesyang ina namin / upang pakinggan at sundin ang kanyang mga aral dito sa lupa./ Liwanagan Mo ang namamali at nadidilimang mga isipan ng mga sumasalungat sa pangaral ng Santa Iglesia./ Ipag-adya Mo ang Iyong kawan sa mga maling pangaral ng mga bulaang propeta at pag-isahin ang lahat ng tao sa ilalim ng Iyong banal na aral at pamumuno. Ito'y aming buong pagtitiwalang hinihiling, sa tulong ni Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano at Ina ng Santa Iglesya. / Sa kanyang mapagmalasakit na

pagkalinga ay manatili nawa kami sa wastong pagsamba at pagpupuri sa iyo ngayon at sa wakas ng panahon. Sa ngalan ni Kristong aming Panginoon. Amen.

*(Sa pansarili o maramihang pagdiriwang, maaaring ipalit o idagdag ang iba pang mga Panalanging kalakip ng maikling dasalang ito.)*

Pari: [Mga kapatid, ngayon ay gawin nating ganap at kaaya-aya sa Diyos ang ating mga panalangin. Siya ang bukal ng tanang kagalingan at ka butihan. Tanging Siya ang pinagmumulan ng lahat ng biyaya, na sa Kanyang kabutihan ay niloob Niyang ipamahagi sa pamamagitan ni Mariang ating Ina at Tagapagampon. Kung kaya't buong pag-ibig at pagtitiwala nating dasalin ang panalanging itinuro sa atin ng Pangi noong Hesukristo]: *(maaring laktawan sa pansariling pagnonobena)*

Bayan: **Ama Namin…..**

Pari: *(dasalin sa pansariling pagnonobena)*

O Diyos at Ama ng tanan, magiliw Mong dinggin ang mga kahilingang aming Ipinaaabot sa pamamagitan ni Santa Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano. Nawa'y buong kaluguran Mong ipagkaloob sa amin ang Iyong banal na kalooban, sa ikaliligtas ng aming kaluluwa at sa ikapapanuto ng aming buhay dito sa bayang lupang kahapis-hapis. Hinihiling namin ito sa ngalan ni Hesukristong Anak Mo kasama ng Espiritu Santo, magpasawalang hanggan. Amen

*(Dito nagwawakas ang pansariling pagnonobena, sa pamamagitan ng tanda ng krus.)*

**10. BENDISYON NI SANTA MARIA MAPAG-AMPON** *(sa maramihang pagdarasal kung may pari)*

P. Ang tumutulong sa atin ay ang Panginoon
B. Na may gawa ng langit at lupa
*Aba Ginoong Maria…..*

B. Sa iyong tangkilik kami'y dumudulog, / O banal na Ina ng Di yos, / huwag mo nawang siphayuin ang aming mga dalangin sa aming pangangailangan, / bagkus iligtas mo kami sa lahat ng panganib,/ O maluwalhati at pinagpalang Birhen.

P. O Maria, Mapag-ampon sa mga Kristiyano.
B. Ipanalangin mo kami

P. O Panginoon, dinggin Mo ang aming panalangin.
B. Sumapit nawa sa Iyo ang aming daing.

P. Sumainyo ang Panginoon.
B. At sumainyo rin.

P. Manalangin tayo.

O Makapangyarihan at walang hanggang Diyos, inihanda Mo sa pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ang Katawan at Kaluluwa ni Maria, maluwalhating Birhen at Ina, upang siya ay maging karapat-dapat na tahanan ng Iyong Anak. Loobin Mo na sa kanyang panalangin, ay maligtas kami sa lahat ng kasamaan at sa kamatayang walang hanggang, yayamang buong galak naming pinararangalan siya. Alang-alang kay Kristong aming Pangnoon.

B. Amen.

P. Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos + Ama, Anak at Espiritu Santo.
B. Amen.

*(Wiwisikan ng banal na tubig ang mga taong nagkakatipon)*

**11. PANGWAKAS NA AWIT:**

(*Habang umaawit maaring halikan ng mga tao ang medalya ni Santa Maria Mapag-ampon)*

## MGA IMINUMUNGKAHING PAKSA, PAGBASA, AT SAGUTAN SA SALMO

*(N.B. Ang bilang ng mga salmo ay ayon sa MAGANDANG BALITA bibliya)*

**1. Si Maria Ina ng mga Nagdadalamhati**
Pagbasa: Mikas 4: 9-10
Salmo: Awit 6: 2-3, 5, 9-10
Sagot: Tinutugon Ako ng Diyos sa lahat ng aking Panawagan.

**2. Si Maria, ang Birheng Ipinahayag ng mga Propeta**
Pagbasa: Isaias 7: 10-15
Salmo: Judith 16: 2, 3, 4
Sagot: Ikaw ang Karangalan ng Jerusalem

**3. Si Maria, ang Birheng Ipinaglihi nang Walang Sala**
Pagbasa: Lukas 1: 26-38
Salmo: Awit 22: 23, 24, 28-29
Sagot: Purihin ang Panginoon ng lahat ng Kanyang Lingkod.

**4. Si Maria, Birheng Reyna ng Langit at Lupa**
Pagbasa: Lukas 1: 39-50
Salmo: Judith 15: 9b, 10
Sagot: Bukod kang Pinagpala sa Babaeng Lahat

**5. Si Maria, Huwaran ng Kababaang-Loob**
Pagbasa: Lukas 14: 7-11
Salmo: Awit: 33: 2-3, 4-5. 6-8
Sagot: Nililingap ng Diyos ang Kababaan ng Kanyang Alipin

**6. Si Maria, Birhen at Reynang Iniakyat sa Kalangitan**
Pagbasa: Pahayag 11: 19 12:1-6, 10
Salmo: Awit 145: 10, 11, 12, 16
Sagot: Dumating na ang pagliligtas ng Diyos

**7. Si Maria, Reyna ng Santo Rosaryo, Huwaran sa Panalangin**
Pagbasa: Sirac (Ecclesiastico) 36: 10-18
Salmo: Awit 27-1, 4, 719
Sagot: Purihin at Ipagdasal ang Diyos Magpakailanman.

**8. Si Maria, Ang Bukang-Liwayway ng Kaligtasan**

Pagbasa: Genesis 2: 15-17, 3: 1-6, 13-5
Salmo: Awit 117-1, 2
Sagot: Aawit Ako sa Iyong Papuri Magpakailanman, Pasasalamat sa Iyong Dulot na Kaligtasan

**9. Si Maria, Ina ng Tagapagligtas**

Pagbasa: Mateo 2: 1-15
Salmo: Awit 127: 1, 2-3, 4-5
Sagot: Mapalad ang taong may Takot sa Panginoon

**10. Si Maria, Inang Mapag-ampon ng mga Binyagan**

Pagbasa: Juan 19: 23-27
Salmo: Awit 33: 2-3, 4-5, 18-19
Sagot: Magsiawit sa Panginoon ng Isang Panibagong Awitin Gumawa Siya ng mga Kahanga-hangang Bagay

**11. Si Maria, ang Kalinis-linisang Ina ng Manunubos**

Pagbasa: Lukas 1: 26-33
Salmo: Judith 13: 18, 19, 20
Sagot: Ikaw ang Pinakamataas na Karangalan ng Aming Lahi

**12. Si Maria, Huwaran ng Pagsunod sa Kalooban ng Diyos**

Pagbasa: Lukas 1: 30-39
Salmo: Awit 40: 2, 4, 7-8a, 8b-9, 10
Sagot: Narito Ako Panginoon Upang Sundin ang Iyong Kalooban

**13. Si Maria, Huwaran ng Gawang Papuri sa Diyos**

Pagbasa: Lukas 1: 46-50
Salmo: Awit 34: 1-2, 3-4, 5-6
Sagot: Ang Puso Ko'y Nagpupuri sa Panginoon

**14. Si Maria, Huwaran ng Tagapaghatid ng Magandang Balita**

Pagbasa: Lukas 1: 39-45
Salmo: Awit 96: 1-2, 3-4, 5-6
Sagot: Ipahayag ang Kanyang Kahanga-hangang gawa sa Lahat ng mga Balita

**15. Ang Katapatan ni Maria sa Diyos**

Pagbasa: Lukas 1: 46-66
Salmo: Awit 30: 1-2, 4, 7
Sagot: Ang Puso Ko'y Nagpupuri sa Pangnoon

**16. Naging Laging Bukas si Maria sa Salita ng Diyos**

Pagbasa: Lukas 2: 8-20
Salmo: 118: 1, 8-9, 19-21, 25-17
Sagot: Pinagpala ang Dumarating sa ngalan ng Panginoon

**17. Si Maria, Huwaran ng Katapatan sa Pang-araw araw na Tungkulin**

Pagbasa: Lukas 2: 41-52
Salmo: Awit 89: 2, 3-4, 12-13, 14-15
Sagot: Pagpalain Mo Panginoon ang gawa ng Aming mga kamay

18: **Si Maria Ina ng Laging Saklolo**

Pagbasa: Juan 2: 1-11
Salmo: Awit 25: 6-7, 17-18, 20-21
Sagot: Ang Nagtitiwala sa Panginoon ay Hindi Mabibigo

19: **Si Maria, Ina ng Santa Iglesya**

Pagbasa: Juan 19: 25-27
Salmo: Awit 24: 1-2, 3-4. 5-6
Sagot: Pagpapalain ng Diyos ang mga tapat sa Kanya

20. **Si Maria, Kaisa ng Iglesya sa Panalangin**

Pagbasa: Gawa 1: 4, 9, 12-14
Salmo: Awit 105: 2-3, 4-5, 6-7
Sagot: Magagalak ang Puso ng mga Dumudulog sa Panginoon

21. **Si Maria at ang Unang Magandang Balita**

Pagbasa: Genesis 3: 14-15
Salmo: Awit 96: 1, 2-3,4
Sagot: Awitan ang Panginoon, Ngalan Niya ay Purihin

22. **Kabuklod natin si Maria sa Pagtalima sa Kalooban ng Diyos**

Pagbasa: Lukas 8: 19-21
Salmo: Awit 119: 29, 43, 79, 80

Sagot: Ituro mo ang batas mo’t Sisikapin kong Masunod

23. **Si Maria, Daan Tungo sa Ikapagkakasundo ng Diyos at Tao**
Pagbasa: Juan 19: 23-27
Salmo: Awit 51: 1-2, 4-5, 7-9
Sagot: Ikaw ang Aking Kaligtasan, O Panginoon

24. **Si Maria, Mula ng Tuwa Natin-**
Pagbasa: Gawa 10: 34-43
Salmo: Awit 22: 22-23, 24-25, 29-30
Sagot: Magpuri at Magalak sa Panginoon

# Pansariling Pagnonobena



## Panimulang Panalangin sa Araw-araw

*Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.*

*O Panginoon, buksan mo nawa ang aking mga labi ...*
**At pupurihin ka ng aking bibig.** *O Diyos, ipagkaloob mo sa akin ang iyong tulong ...*

**O Panginoon, madali ka sa pagsaklolo sa akin.**
*Luwalhati sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo ...*

**Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.**

**Manalangin tayo:**

**Alalahanin mo, O lubhang maluwalhating Birheng Maria, na kailanma'y hindi narinig na may nagpa-ampon sa iyo, humingi ng tulong mo at dumaing ng iyong saklolo na iyong pinabayaan. Dala ng ganitong pananalig, lumalapit din ako sa iyo, O Birhen ng mga Birhen, aking Ina! At kahit nagdadalamhati dahil sa aking kasalanan ay nangahas akong lumapit sa dakila mong harapan, O Ina ng Diyos, huwag mong siphayuin, kundi kaawaan mong pakinggan at marapatin mong tugunin ang karaingan ko. Siya nawa.**

*(Ang mga panalanging pambungad ay dapat dasalin sa loob ng siyam na araw.)*

**UNANG ARAW**

**O Kamahal-mahalang Ina naming Mapag-ampon sa mga Kristiyano! Kami'y buong pag-asang lumalapit at naninikluhod sa iyong awa. Dinggin mo ang mga dalangin ng isang makasalanang nagpapatirapa at sumasamo upang pagkalooban ng tulong at lakas na makaiwas sa pagkakasala at sa lahat ng panganib na ikamamatay ng kaluluwa.**

*(tatlong ulit) Ama Namin, Aba Ginoong Maria, Luwalhati (minsan lamang) Aba po Santa Mariang Reyna*

## Pangwakas na Panalangin Araw-araw

**Marapatin mo Birheng Kamahal-mahalan, na ika'y aming purihin magpakailanman ...**

**Pagkalooban kami ng lakas laban sa aming mga kaaway.**

**O Diyos na makapangyarihan at maawain, na upang maipagtanggol Mo ang sambayanang Kristiyano ay kahanga-hanga Mong nilalang ang Mahal na Birheng Maria upang magpakailanman ay maging tunay naming Tagapag-ampon, buong awa Mong ipagkaloob sa amin na kung nahihiyasan na kami ng ganitong sandata ay magamit namin ito laban sa kamatayan at mga lilong kaaway ng aming kaluluwa, alang-alang sa aming Panginoong Jesucristo na Iyong Anak, nabubuhay at naghaharing kasama Mo at ng Espiritu Santo, magpasawalang hanggan. Amen.**

*(tatlong ulit) Santa Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano, ipanalangin mo kami.*

**IKALAWANG ARAW**

**O Mariang kabanal-banalan, Ina ng Kagalingan at Awa, sa iyong tanging pagkalinga ay naligtas ang sambayanang Kristiyano sa kuko ng mabangis na kaaway. Iligtas mo, aking isinasamo sa iyo, ang aking kaluluwa sa paglusob ng demonyo, ng mundo, at ng sariling laman; at ipagkaloob mo sa akin sa lahat ng panahon, ang ganap na tagumpay sa lahat ng kaaway ng aking kaluluwa.**

*(tatlong ulit) Ama Namin, Aba Ginoong Maria, atbp.*

**IKATLONG ARAW**

**Lubhang makapangyarihang Reyna ng Langit ikaw lamang ang nangyaring makapagtagumpay laban sa mga erehiyang nagsi-**

**pagnasang umagaw sa iyong mga anak mula sa piling ng Inang Santa Iglesya. Saklolohan mo kami upang manatili kaming matatag sa pananampalataya at maingatan ang kalinisan ng puso sa gitna ng mga patibong at lason ng masasamang aral mula sa mga bulaang propeta.**

*(tatlong ulit) Ama Namin, atbp.*

**IKA-APAT NA ARAW**

**Katamis-tamisan naming Ina, na dahil sa walang hanggan mong pagtatanggol sa mga Kristiyano ay tinawag kang Reyna ng mga Martir, ipagkaloob sa amin ang tibay ng puso at lakas na kailangan upang manatili kami sa paglilingkod sa iyo: bukod sa rito'y ipagkaloob mo rin sa amin ang biyaya ng pagmamahal sa aming mga tungkuling mahal, tuloy maging marapat kaming tawaging iyong anak hanggang sa kamatayan.**

*(tatlong ulit) Ama Namin, atbp*

**IKALIMANG ARAW**

**Minamahal naming Ina, sa pagtatagumpay ni Papa Pio Ikapito ay iyong ipinamalas ang kapangyarihan ng iyong pagsaklolo. Pangalagaan mo kami at ang buong Santa Iglesya Katolika, lalung lalo na ang kanyang katas-taasang pinuno, ang Santo Papa; ipagtanggol mo siya sa lahat ng sandali laban sa pang-uusig ng mga kaaway, iligtas sa mga paghihirap, alalaya tuwina, at ingatan upang mapahalaan niya ang daong ng Santa Iglesya at magwagi sa mararahas na daluyong ng mga nagnanasang maglubog sa kanya.**

*Ama Namin, atbp.*

**IKAANIM NA ARAW**

**O Birheng Reyna ng mga apostol, kunin mo at alagaan sa ilalim ng iyong pagkukupkop ang mga pari at ang lahat ng iyong mga anak na bumubuo ng Santa Iglesya Katolika. Pagkalooban mo sila ng pagkakaisa, ng ganap na pagsunod sa Santo Papa at ng masidhing pagsisikap tungo sa ikaliligtas ng mga kaluluwa. Isinasamo rin naming na iyong ipadama ang iyong pagkalinga sa mga misyonero upang kanilang mapalaganap ang mga aral ng ating Panginoon sa sansinukob at nang ang buong daigdig ay**

**magkabuklod-buklod sa iisa at tunay na relihiyon nang sa gayon ay magkaroon ng iisang kawan lamang sa pamumuno ng iisang Pastol.**

*Ama Namin, atbp.*

**IKAPITONG ARAW**

**O Birheng Ina ng kaamuan at awa, sa tulong ng iyong pamamagitan ay libu- libong mga Kristiyano ang naliligtas sa mga salot, digmaan, at iba-ibang mga kapahamakan. Halina't kami'y iyong saklolohan at iligtas ngayon sa kawalan ng relihiyon at mga hidwang gawa, na dahil sa mga pahayagan, mga kapisanan, at paaralang walang Diyos, ay marami ang nalalayo sa pananampalataya. Aming Ina, tulungan mo ang mga matuwid upang sila'y manatili sa pananampalataya, palakasin ang mahihina, akitin sa pagbabalik-loob ang mga makasalanan at nangaliligaw, at sa huli, kung nagtagumpay na ang katotohanan dito sa lupa, ay lalong tumatag nawa ang Kaharian ni Jesucristo at maragdagan ang Kanyang kaluwalhatian at ang bilang ng maaakyat sa kalangitan.**

*Ama Namin, atbp.*

**IKAWALONG ARAW**

**O Ina, haligi ng Santa Iglesya Katolika at Tagapag-ampon ng mga Kristiyano, aking isinasamo sa iyo na papagkamtin ako ng pananatili sa pananampalataya at sa kalayaan bilang anak ng Diyos. Sa tulong ng grasya at sa aking makakaya, ako ay nangangakong hindi ko na tutulutang madungisan ang aking kaluluwa ng kasalanan. Ang ninanasa ko, aking Ina, ay ang pagsunod sa Santo Papa, sa mga obispong tumatalima sa kanya, at sa buhay at kamatayan ay huwag akong mawalay sa relihiyong Katolika, na siya ko lamang inaasahang maghahatid ng kaligtasan sa aking kaluluwa.**

*Ama Namin, atbp.*

**IKA-SIYAM NA ARAW**

**Mahabagin naming Ina, na sa lahat ng panahon ay inibig mong maging Tagapag-ampon ng mga Kristiyano, saklolohan mo kami**

**sa pamamagitan ng makapangyarihan mong pangangalaga sa aming tanang buhay, lalung-lalo na sa sandali ng aming kamatayan; at loobin mo na pagkatapos na ika'y aming ibigin at purihin dito sa lupa ay maging marapat kaming umawit ng iyong kaluwalhatian sa langit.**

*Ama Namin, atbp.*

# Sari-Saring mga Panalangin

## Para Humingi ng Isang Biyaya:

Aba po Santa Mariang Reyna, Ina ng awa at tagapag-ampon ng mga Kristiyano! Bilang isang maralitang anak ni Eba, kanino ko itutunghay ang aking mga mata dito sa bayang kahapis-hapos kundi sa Iyo na siyang buhay, pag-asa, at kalinisan? Sa Iyo nga ako'y nagmamakaawa. Iniaalay ko sa Iyong mga mahal na yapak ang aking mga bunting-hininga. Kaya makapangyarihang Mapag-ampon, ipakilala mo ang iyong pagtatanggol na gaya noong una; ilingon mo ang iyong mga matang mahahabagin sa akin na nagmamakaawa sa iyong tulong. O Ina ko, ngayon, hingit kailanma'y kailangan ko ang iyong habag at banal na saklolo.

Narito ako, titigan mo ako ng iyong maawaaing mga mata at ang puso ko'y mapupuno ng kaligayahan. Ako'y makasalanang tunay, datapuwa't napakamaawaain mo.  Ako'y masama, datapuwa't ikaw ay sakdal ng kabutihan. Ako'y taksil, daptapuwa't ikaw ay matamis na birhen. Huwag mong isaalang-alang ang aking mga pagkakasala, bagkus ang iyong pagiging mahabaging Ina. Ako'y nagpapakandong sa iyo, katulad ng isang sanggol sa kanyang ina.

## Sa Sandali ng Mabigat na Suliranin:

Batid mo, O katamis-tamisang Mapag-ampon, ang sakunang sa akin ay nagpapahirap. Sa laot ng ganitong kasawiang-palad ay iisa lamang ang aliw na sa akin ay natitira: ikaw, irog kong Ina. Ako'y iniibig mo, at wala akong dapat na ipangamba kung ako'y aasa sa saklolong ipagkakaloob ng aking dakilang Reyna. Datapuwa't ang puso ko'y di miminsang sinagian ng pag-aalinlangan, at ang mga mata ko'y dinaluyan ng mapapait na luha. Ibig kong dalitain ang lahat nang buong pagtitiis alang-alang sa iyo, na malabis na nagdusa sa paanan ng krus dahil sa akin; datapuwa't hindi ko yata ito lubos na magawa. O

minamahal kong Ina, saklolohan mo ako sa sandaling ito ng kapahamakan!

Gayunpaman, ay hindi ko ibig na ang kalooban ko ang mangyari. Nakikita mo ang lahat nang higit sa akin at sa iyo ako lubos na umaasa. Pagkalooban mo ako ng biyaya ng banal na pag-ayon at gawin ang bawa't mong maibigan ayon sa iyong kalooban.

Inang Katamis-tamisan, inilalagak ko ang aking sarili sa iyong mahabaging pag-aampon. Subali't sa bawa't pagkakataong sumasagi sa aking isipan ang katotohanang ikaw ay nagbibigay-saklolo sa ibang katulad kong buong tiwalang lumalapit sa iyo, ang puso ko'y naguumapaw sa pag-asa at nagtitiwalang ako man ay tatanggap ng iyong matamis na pagkalinga. Sino ang makabibilang ng mga luhang iyong pinawi sa araw na ito? O Inang Mapag-ampon, marapatin mong pawiin rin ang aking mga luha! At nangangako ako, O Mahal na Ina, nagmahal at maglingkod sa iyo nang higit pa, ngayon at sa lahat ng araw ng aking buhay.

## Panalangin Para sa Isang Maysakit

Hindi mabilang ang mga pagkakataon, O Dakilang Ina ng Diyos, na ikaw ay naging makapangyarihang lakas ng mga may-sakit at magpahanggang ngayon ay patuloy ang iyong pagliligtas sa buong daigdig. Dakilang Tagapag-ingat ng biyaya sa kalangitan, dinggin mo ang aming mga daing sa iyo para sa ikagagaling ng aming mahal na maysakit. Kung ito'y hindi makahahadlang sa ikaliligtas ng kanyang kaluluwa, ipakilala mo sa pagkakataong ito ang kadakilaan ng iyong kapangyarihan at nang lalong yumabong sa aming mga puso ang dalisay na pamimintuho sa iyo.

Hindi mabilang na mga binyagan, O Dakilang Ina ng Diyos, ang naninikluhod at lumuluha sa harap ng iyong larawan sa mga sandaling pinag-aagaw ang buhay. Ang kamataya'y nanasok sa pinto ng kanilang mga tahahan at nagbabantang ilayo sa kanilang piling ang isang mahal sa buhay. Ang aming tahanan ay pinagbabantaan din ngayon, kaibig-ibig na Ina. O Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano, ilayo mo ang aming mga kapatid sa lahat ng panganib para mo nang awa, at ipi-

nangangako namin sa iyo na ang mga araw na natitira sa aming buhay ay aming gagamitin sa gawang kagalingan at paglilingkod sa iyo bilang pasasalamat sa iyong dakilang pagkukupkop.

Hindi mabilang ang mga maysakit na iyong pinagaling, O Kapuri-puring Ina ng Diyos, at maging ang mga nagsisiawit ng pasasalamat sa harap ng iyong mapaghimalang larawan. Dahil sa mga luha ng kagalakang kanilang ibinuhos at mga panalanging puno ng taos-pusong pagmamahal, dinggin mo kami, O Mapag-ampon sa mga Kristiyano! At sa sandaling ang aming kapatid na maysakit ay gumaling sa kanyang karamdaman, ang kanyang unang gagawin ay ang magsadya sa iyong tahanan upang doon umawit ng pasasalamat kasama naming. Dinggin mo, marangal na Ina, para mo nang awa, ang aming mga luha at panalangin at pangangailangan. Iligtas mo ang aming maysakit kung ito ay hindi sagabal sa ikaliligtas ng kanyang kaluluwa.

O Kabanal-banalang Mapag-ampon sa mga Kristiyano, pakinggan mo nang may buong pag-ayon ang tanang dumadalangin na taglay ang tunay na pag-asa sa iyo.

# Paghahandog at Pagtatalaga ng mga Anak kay Santa Maria Mapag-ampon

O Kamahal-mahalang Birhen, kanino pa, bukod sa Diyos, aking maihahandog nang lubos ang aking mga anak, kundi sa iyo? Kung kaya't sa iyo, mahabagin at makapangyarihang Ina, Mapag-ampon sa mga Kristiyano, aking ipinagkakatiwalang lahat ang aking mga anak at inihahabilin ang bawa't isa sa iyong maalindog na pagkukupkop at pag-aampon.

Ariin mo silang iyong tunay na mga anak at ipakilalang ikaw ang kanilang Ina. Sa pamamagitan ng iyong makainang pangangalaga at ng iyong makapangyarihang pamamagitan, ilayo mo sila sa lahat ng kanilang ikapipinsala, lalo na sa sa kasalanan. Sa pamamagitan ng iy-

ong mga kamay na mahahabagin, O Puspos ng biyaya, pagkalooban mo sila sa lahat ng panahon ng mga biyayang mula sa langit upang sila'y manatili at sumulong sa kabanalan at kanilang igalang at purihin ang kabanal-banalang Pangalan ng Diyos.

Tanig sa rito'y pagkalooban mo rin sila, O kalinis-linisang Ina, ng biyaya ng isang wagas na kalinisan at masidhing pag-ibig para kay Jesus na iyong Anak. Amen.

## Panalangin ng Pasasalamat

Mahal na Inang Mapag-ampon, ikaw ay pinipintuho ko at pinasasalamatan nang taos sa aking puso dahil sa mga biyayang aking nakamtan. Inihahandog ko sa iyo ang aking kaluluwa at ang buo kong pagkatao, at ako'y nakikiisa sa mga pagdiriwang sa kalangitan bilang pagbibigay-puri sa iyo ng mga kaluluwang iyong iniligtas.

Ikaw ay pinipintuho ko at pinasasalamatan nang taos sa aking puso dahil sa mga biyayang tinatanggap ko mula sa iyo, O Mapag-ampon sa mga Kristiyano. Inihahandog ko sa iyo ang buo kong katawan, ang buo kong isip at alaala, at ako'y nakikiisa sa mga pagdiriwang ng mga nagkapalad magtamo ng iyong biyaya.

Ikaw ay pinipintuho ko at pinasasalamatan nang taos sa aking puso dahil sa mga biyayang tinanggap ko, O Matibay na Kutang-tanggulan ng mga binyagan. Inihahandog ko sa iyo ang aking puso at buong pag-ibig at ako'y nakikiisa sa mga nangagdiriwang bilang pagbibigay-puri sa iyo ng lahat ng iyong kinaawaan hanggang sa katapusan ng panahon. Isinasamo ko sa iyo, tangi sa rito, aking Ina, na pagkalooban ako ng isa pang biyaya ng huling pananatili at kabanalan, at nang aking maawat balang araw ang iyong karangalan doon sa kalangitan. Amen.

## Panalangin Para sa mga Pari

O Banal na Puso ni Jesus, walang hanggang Pari, kanlungan Mo, kalingain at ipag-adya ang Iyong mga alagad na pari. Huwag hayaang mabahiran ng dungis ang pinagpala nilang mga kamay na sa bawa't araw ay nagtatangan ng Iyong Banal na Katawan. Panatilihing dalisay ang kanilang mga labi na sa araw-araw ay dinadaluyan ng masagana Mong dugo. Ipinid Mo ang kanilang mga puso sa panghihimasok ng anumang uri ng kamunduhan yayamang ang mga iyo'y natatatakan na ng Iyong pagkapari at nakatalaga na sa Iyong Banal na Puso. Ang banal na pag-ibig Mo nawa ang siyang bumalot sa kanila nang sa gayo'y hindi sila nasaling ng pang-aakit ng daigdig. Pagpalain tuwina ang kanilang mga adhikain at nawa'y ang mga taong kanilang pinaglilingkuran ang siyang maging tuwa nila at kagalakan ngayon at sa buhay na walang hanggan. Amen.

# Panalangin Para sa mga Magulang

O Makapangyarihang Diyos, ipinagkaloob Mo sa akin ang aking Ama at Ina at ninais Mong sila ay magsilbing larawan ng Iyong kapangyarihan at pag-ibig. Yayamang iniutos Mong sila ay aking mahalin, igalang at sundin, pagkalooban Mo ako ng biyayang matupad ko nang buong katapatan ang kautusang ito. Tulungan akong tumalima sa kanilang mga paalaala. Ilayo mo ako sa kapalaluan, katigasan ng ulo, pagkamagalitin, pagkamasuwayin at katamaran. Gawin mo akong mapunyagi sa aking mga tungkulin at matiisin sa harap ng pagsubok, upang sa gayon ay marating ko ang kaligayahang inilaan Mo para sa amin magpasawalang hanggan. Amen.

# PAGLULUKLOK KAY MARIA MAPAG-AMPON SA TAHANAN

**PANALANGIN NG PAGTANGGAP** *(babasahin ng ama o ina kasama ang mga anak at kasambahay)*

Kabanal-banalan at kalinis-linisang Birheng Maria, Mapag-ampon sa mga Kristiyano, ang puso namin ngayon ay tigib ng tuwa at kagalakan sa pagtanggap namin sa iyo sa tahanan naming ito. Nais sana naming magpamalas ng aming pasasalamat sa paraang karapat-dapat pra sa Iyo.

Dahil dito itinatalaga namin ang aming sarili sa banal na paglilingkod sa iyo. Yayamang tumanggap ka ng di mapantayang kagalakan nang ikaw ay napili ng Diyos bilang Tagapag-ampon ng mga Kristiyano, hinihiling naming pagkalooban mo kami ng mga biyayang kinakailangan upang aming mapagwagian ang mga kalaban ng aming kaluluwa, upang sa gayon ay matunghayan namin balang araw ang Diyos sa kalangitan.

O Kabanal-banalang Birhen, pagpalain mo ang tahanang ito at ang aming mag-anak na buong lugod na tumanggap sa iyo. Ipag-adya mo kami sa anumang karamdaman, sa kasalanan, at sa tanang makasasama sa amin. Maghari nawa ang kapayapaan sa tahanang ito - ang banal at matamis na kapayapaang ipinapangaral ng iyong Anak na si Jesus. Siya nawa.

## PAGBABASBAS NG LARAWAN O ESTATWA

N: Ang tumutulong sa atin ay ang Panginoon.

L: Na may gawa ng langit at lupa.

N: Sumainyo ang Panginoon

L: At sumaiyo rin.

**MANALANGIN TAYO**

Makapangyarihan at walang hanggang Diyos, pinahintulutan Mo kaming lumilok ng mga estatwa at gumuhit ng mga larawan ng Iyong mga banal na Santo upang ang mga ito'y magpaalaala sa amin ng kanilang banal na pamumuhay nang sa gayon, sila'y aming matularan. Sa Iyong kabutihang-loob ay isinasamo naming pagpalain Mo at pabanalin ang larawan/ estatwang ito ni Santa Maria Mapag-ampon. Sa kagandahan ng kanyang halimbawa, nawa'y mapalapit kami sa iyong Anak nang sa gayo'y makamtan namin ang biyayang aming kinakailangan sa buhay na ito at sa buhay na walang hanggan. Alang-alay kay Jesucristong aming Panginoon. Amen.

*(Habang ang larawan/estatwa ay iniluluklok, darasalin ang isang Aba Po, Santa Mariang Reyna!)*

## PAGTATALAGA AT PAG-AALAY NG SARILI KAY MARIA, MAPAG-AMPON SA MGA KRISTIYANO

*(Ito ay babasahin ng isang kasapi ng pamilya. Higit na mainanm kung ang ama o ina ng tahanan ang babasa)*

O kabanal-banalan at Kalinis-linisang Birheng Maria, aming mahabaging Ina at makapangyarihang Tagasaklolo ng mga Kristiyano, iniaalay naming ang aming buong katauhan sa iy-

ong kalugod-lugod na pagmamahal at banal na paglilingkod. Inaalay namin sa iyo ang aming buong diwa, ang aming taos na pagsinta, ang lahat ng aming kamalayan at lakas, at nangangako kaming laging magsisikap sa lalong ikaluluwalhati ng Diyos at ikaliligtas ng mga kaluluwa.

Samantala, O maluwalhating Birhen na siyang laging naging Tagapag-ampon ng Sangkakristiyanuhan, nawa'y magpatuloy kang laging ganito, lalung-lalo na sa mga araw na ito. Iyong pagpakumbabain ang mga di-kapanalig sa aming banal na pananampalataya at iyong walaing-halaga ang kanilang mga salang gawain at balak. Iyong bigyang liwanag at lakas ang mga Obispo at pari at pamalagiin mo silang masunurin at kaisa ng Santo Papa. Pangalagaan mo ang aming mga kabataang nalilihis sa maling pananampalatay at mga bisyo. Itaguyod mo ang mga banal na bokasyon at nang madagdagan ang bilang ng mga banal na tagapangsiwa upang sa kanilang kaparaanan, ang Kaharian ni Hesukristo ay manatili sa amin at mapaabot sa lahat ng hangganan ng daigdig.

Ipinapanalangin din namin, o Katamis-tamisan Ina, na nawa'y lagi mong tanuran ang aming mga magulang at kamag-anakan, ang mga kabataang nakalantad sa maraming panganib, ang mga kaawa-awang makasalananat nangamamatay, ang mga kaluluwa sa purgatoryo, ang lahat na, O Maria, Inang Matamis na Pag-asa, Ina ng Awa at Pintuan ng Kalangitan.

Iniluluhog din namin sa iyo ang aming sarili, O dakilang Ina ng Diyos. Turuan mo kaming matularan ang iyong mga katangian lalo na ang iyong maka-anghel na kalinisan, ang iyong wagas na kababaang-loob at marubdob na pagkakawanggawa, nang sa gayon hangga't maaari, sa pamamagitan ng aming ki-

los, ng aming pananalita, at ng aming halimbawa ay masigla naming katawanin sa mundo si Hesus na Iyong Anak, kilalanin ka't mahalin, at sa pamamagitan nito'y makasagip ng maraming kaluluwa.

Ipagkaloob mo rin o Maria, Mapag-ampon sa mga Kristiyano n kaming lahat ay matipon sa ilalim ng iyong mapagmahal na pagkalinga, at wala sanang isa man sa amin ang tumalikod sa iyo. Ipagkaloob mo na kung kami'y nasa gitna na ng mga tukso ay madali at buong tiwala ka naming tawagan. Ipagkaloob mo na ang iyong alaalang napakabuti, kaibig-ibig at napakamahal, ang gunita ng iyong marubdob na pag-ibig sa mga nagmamahal sa iyo, nawa'y maging aliw namin sa pagtatagumpay sa mga kaaway ng aming kaluluwa, sa buhay at kamatayn, upang hubugin namin ang iyong korona sa kaligayahan sa Paraiso. Amen

*(Tatapusin ito sa sabayang pagdarasal ng PAG-AALAY AT PAGTATALAGA NG TAHANAN KAY SANTA MARIA MAPAG-AMPON.*

*(Maari ding ipagkaloob ng pari ang bendisyon ni Maria Mapag-ampon, ayon kay San Juan Bosco)*

## PAGTATALAGA AT PAG-AALAY NG TAHANAN KAY STA. MARIA MAPAG-AMPON

O Kalinis-linisang Birheng Maria, niloob ng Diyos na ikaw ay maging Tagapag-ampon ng mga Kristiyano. Ngayon ay itinatalaga at inuukol namin ang aming tahanan at mag-anak sa iyong Kalinis-linisang Puso. Pangalagaan mo, Inang kaibig-ibig ang aming abang pamamahay. Pabanalin mo ang aming pamilyang sa iyo'y nagmamahal. Ilayo mo kami sa anumang kapahamakan; ang bawa't nakapipinsalang sunog, baha, kidlat at lindol, sampu

ng mga magnanakaw at masasamang-loob. Pagpalain at patnubayan mo kami sa lahat ng sandali. Pagindapatin mo na ang lahat ng miyembro ng aming mag-anak, narito man o wala, ay maligtas sa lahat ng kasamaang-palad. At higit sa lahat, ipag-adya mo kami sa lahat ng tukso at kasalanan. Ikaw sana ay maging Reyna na aming pamamahay, na magmula ngayon ay iyung-iyo, magpasawalang-hanggan. Amen.

## PALAGIANG PAGNONOBENA TUWING MIERCOLES

*Maaring isunod ang mga panalanging ito sa Panalangin pagkatapos ng Komunyon, bago ng huling pagbabasbas. Tuwing Miercoles, and isa sa tatlong sumusunod na panalangin ay maaaring pagpalit-palitin:*

*Unang Panalangin: (Nakatayo)*

O Mariang Mapag-ampon / anak na tunay ng Amang Kamahal-mahalan,/ Ikaw ang itinalaga ng Diyos upang maging saklolo, at tagapag-ampon sa mga Kristiyano / sa lahat ng kanilang pangangailangan. / Dahil dito'y sa iyo lumalapit nang walang humpay ang mga maysakit, / ang mga dukha sa kanilang kagipitan,/ ang mga nagdadalamhati sa kanilang kapighatian, /ang mga naglalayag sa karagatan, ang mga hukbo sa gitna ng digmaan, /ang mga naglalakbay sa kapanganiban,/ ang mga naghihingalo sa kinatatakutang sandali ng kamatayan, / at silang lahat ay nagkakapalad magtamo sa iyo ng tulong, lakas at kaginhawahan. / Kung gayon ay tanggapin mo, kung magiging karapat-dapat ang aking mga pagmamakaawa, O Inang mahabagin / at sa aking pagsilong sa Iyong pagkukup-

kop / ay tulungan mo ako tuwina at alalayan sa lahat ng panganib. / Iligtas mo ako sa lahat ng masama, / at tuloy ipamagitan ako sa Panginoon / upang makamtan ko ang biyayang kailangan / lalo na sa aking pagpanaw dito sa lupa at sa kabilang buhay. *(o kaya ang sumusunod na dalawa pang panalangin)*

*Ikalawang Panalangin: (nakatayo)*

O Birheng Kalinis-linisan / mairuging Ina ng mahal na Mananakop, / at Tapag-ampon sa mga kristiyano, / dahil sa iyo ay sumuko ang mga mapang-usig / at sa lahat ng kakila-kilabot na pagsubok ay nagwagi kailanman ang Santa Iglesya. / Dahil sa iyo / ang mga tao, / ang mga angkan, / ay nangatubos at nangaligtas sa di mabilang na kapahamakan,/ pagkat ang mga kaaway ay nagkahati-hati,/ lumayo ang mga sakit / at sampu ng kamatayan / ay nagpapalugit kung tinatawagan ang iyong saklolo./ Buhayin mong lalo at papagningasin ang aking pag-asa sa iyo, O Maria, / upang sa lahat ng pangangailangan / ay mapagkilalang tunay ngang ikaw / ang tumutulong sa mga tumatawag sa iyo, / ang nagtatanggol sa lahat ng pinag-uusig, / ang nagbibigay ng lakas sa mga may sakit,/ aliw ng nalulumbay, / takbuhan ng mga makasalanan / at dahilan ng pananatili ng mga banal.

*Ikatlong Panalangin: (nakatayo)*

O Mariang Mapag-ampon,/ maibiging Esposa ng Espiritu Santo,/ Inang mahabagin at saklolo ng mga kristiyano, / na-

parito ako upang magmakaawa na ako'y tulungan mo./ Iligtas ako sa kasalanan, / at sa lahat ng pakana ng mga kaaway ng aking kaluluwa at katawan,/ ilayo mo sa akin ang mga parusang tatanggapin ko, / dahil sa mga sala kong nagawa / at marapatin mong tumimo sa puso / ang kabutihan ng iyong pagmamahal at ang iyong kapangyarihan. / O Makapangyarihan kong Ina, / gaano ang pagnanasa kong masdan ang iyong maningning na mukha / sa walang kahulilip na ligayang tinatamo mo doon sa Paraiso. / Subalit isang sukab na pag-iisip ang nagsasabi sa aking hindi ako nararapat, / dahil sa aking mga kasalanan,/ upang matamo ko ang iyong kaligayahan./ Huwag mong ipahintulot ang ganoong kalaking kasawian, / katamis-tamisan kong ina. / Ipanalangin mo ako,/ ihingi mo ako sa irog mong anak na si Hesus / ng ganap na pagsisisi sa aking mga sala,/ at ang biyaya na makagawa ng mabuting pangungumpisal / at nang mabuhay ako sa katahimikan sa tanang buhay ko, / at sa huli'y pumanaw sa isang banal na kamatayan, / tuloy makapisan mo at ng Diyos sa Langit / sa walang hanggang kaligayahan.

**Para sa Isang Pangangailangan sa Buhay**

Pari at Bayan: (lumuhod)

Inang mapagmahal / nangangailangan ako ng isang tanging biyaya,/ at sa pag-asa ko sa iyong kabutihan, ay lumalapit ako sa iyo, / aming saklolo at dakilang Mapag-ampon sa mga

Kristyano./ Buong kababaang-loob na ako'y nakaluhod sa iyong harapan / at isinasamo ko nang taos sa aking puso / na iyong lunasan ang aking kailangan /(*ipahayag nang tahimik ang biyayang ibig makamtan*). Nababatid ko, mahal kong Ina / na ako'y hindi nararapat bigyan ng anuman, at ang ikinatatakot ko'y / baka ang mga sala ko'y siyang nakapipigil sa iyong kabutihan. / Subalit batid kong magagawa mo rin,/ katamis-tamisang ina, / na ako'y hanguin sa nakahahabag na kalagayang ito, / at gawing ako'y maglingkod sa iyo nang tapat, at sa iyong bugtong na Anak,/ upang makamtan ang kahanga-hangang biyaya ng iyong pag-aampon.

**Pangwakas na Panalangin:**

Pari: O Diyos at Ama ng tanan, magiliw Mong dinggin ang mga kahilingang aming ipinaaabot sa pamamagitan ni Santa Mariang Mapag-ampon sa mga Kristiyano. Nawa'y buong kaluguran Mong ipagkaloob sa amin ang Iyong biyaya kung ito ay naaayon sa Iyong banal na kalooban, sa ikaliligtas ng aming kaluluwa, at sa ikapapanuto ng aming buhay dito sa lupang bayang kahapis-hapis. Hinihiling namin ito sa ngalan ni Hesukristong Anak Mo, nabubuhay at naghaharing kasama Mo at ng Espiritu Santo, magpasawalang hanggan. Amen.

*(Maaring igawad dito ang pangwakas na pagbabasbas at pagtatapos ng Misa)*

# MAHALAGANG PAHATID SA TAGA-BASA

Taos-puso ang aming pasasalamat sa inyong lahat na may pitak sa puso para sa Mahal na Birheng Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano. Tulad nang nasabi natin sa mga unang pahina, may paralelismo o pagtutulad ang mga hinarap na paghamon ni Don Bosco noong kanyang panahon sa ating hinaharap ngayon, lalu na sa pagkakawatak ng pamilya dahil sa pangingibang-bayan, at dahil na rin sa pagyurak sa kabanalan ng buhay at sa mga pwersang umuukilkil sa Sakramento ng Kasal, at sa kaisahan o kabuuan ng pamilyang Pilipino.

Ang mga panalanging ito ay mula sa aklat-dasalang inilimbag sa ikatlong pagkakataon noong taong 1990, na tumanggap na ng IMPRIMATUR noong Agosto 4, 1985. Ang unang pagkalimbag ay mula sa **Parokya ni Santa Maria Mapag-ampon** sa Mayapa, Calamba City, Laguna, kung saan ako namulat sa aking pagka-pari at natutong magmahal sa Santa Iglesya.

Pangarap namin na sana'y maging batayan at kadluan ito ng pamimintuho ng lahat ng mga simbahan, kapilya, at parokya sa buong Pilipinas na napapailalim sa pamamatnubay ni Maria Mapag-ampon.

Manatili nawang talang maliwanag ang Mahal na Birhen sa ating buhay-pananampalataya, lalo ngayon at hinihingi ng Simbahan na tayo ay magising at gumawa ng paraan upang ang bagong ebanghelisasyon ay mangyari sa lahat ng dako ng daigdig.

Pagpalain nawa tayo tuwina ng Diyos, sa tulong at pamamagitan ng ating Inang makalangit, ating saklolo, ating takbuhan, ating lakas at kagalingan. ***Maria Mapag-ampon sa mga Kristiyano, ipanalangin mo kami!***

Inyong *Kalakbay at Katoto*,

Fr. Vitaliano *Chito* Dimaranan, SDB

**PAMBANSANG DAMBANA NI SANTA MARIA MAPAG-AMPON**
**MHC Circle, Barangay Don Bosco**
**Paranaque City, 1711 Metro Manila Philippines**

**DIOCESAN SHRINE OF MARY HELP OF CHRISTIANS**
Don Bosco Seminary
Canlubang, Calamba City, Laguna

Every 24th of the month:
5:30 PM - Mass
Sunday Masses:
8:30 AM
10:30 AM
5:30 PM
Confessions available on Sundays or upon request

**SHRINE OF MARY HELP OF CHRISTIANS**
Don Bosco Technological Institute Compound
Taurama Road, East Boroko
Port Moresby, PNG

Sunday Masses:
7:30 AM and 9:00 AM

NATIONAL SHRINE OF MARY HELP OF CHRISTIANS
Barangay Don Bosco, BLS, PARANAQUE CITY

Daily Masses (Mon-Saturday)
6:00 AM (Confessions available daily)
7:00 AM
6:30 PM (Confessions also available daily)

Saturday Vigil Mass - 6:30 PM in English

SUNDAYS:
6:00 AM - Tagalog
7:30 AM - English
9:00 AM - Tagalog
10:30 AM - English
11:30 AM - Baptisms
12:00 PM - Tagalog
3:30 PM - Tagalog
5:00 PM - English
6:30 PM - English
8:00 PM - English

**Chapels, Parish Churches & Quasi-Parish Churches Under the Patronage of Mary Help of Christians in the Philippines**

1. Mary Help of Christians Parish Church
   Basista, Pangasinan

2. Mary Help of Christians Parish
   Mayapa, Calamba City 4027
   Laguna

3. Mary Help of Christians Parish
   Buhisan, 6000 Cebu City

4. Mary Help of Christians Parish
   San Enrique 5036 Iloilo, Philippines

5. Our Lady Help of Christians
   Talogtog, 2710 Ilocos Sur

6. Mary Help of Christians Quasi-Parish
   Barangay Aranda, Hinigaran, 6106
   Negros Occidental

7. Mary Help of Christians Parish
   Boac, Marinduque

8. Mary Help of Christians Parish
   J.P. Rizal Street, Maypajo, 1410
   Kalookan City

9. Mary Help of Christians Parish
   Malasin, San Jose City, Nueva Ecija

10. MARY HELP OF CHRISTIANS PARISH
    Mocpoc Sur, Sandingan Is.,
    Loon, 6327 Bohol

11. Cathedral of Maria Auxiliadora
9700 Marawi City

12. Mary Help of Christians Chapel
Block 42, Southville 1
Niugan, Cabuyao City, Laguna

13. Vicariate of Mary Help of Christians
San Joaquin, Santa Ana 2022, Pampanga

14. Mary Help of Christians Parish
Barangay Dacudao, Calinan, Davao City

SEMINARIES

MARY HELP OF CHRISTIANS HIGH SCHOOL SEMINARY
Binmaley 2417 Pangasinan

MARY HELP OF CHRISTIANS COLLEGE SEMINARY
Bonuan, Gueset
Dagupan City 2400 Pangasinan